Paano Maglaro

Texas Hold ‘em, Omaha & Seven Card Stud

Masiyahan sa paglaro.
Alamin kung paano maglaro bago magsimula.

Texas Hold ‘em

Kung ikaw ay manlalaro na may pinakamahusay na five-card poker hand sa total ng pitong cards na ibinigay, ikaw ang panalo. Pero eto ang kaibhan:

Ang blind bets ay dapat i-post bago i-deal ang anumang cards. Pagkatapos ay tatanggap ang bawat manlalaro ng dalawang cards na nakataob. Ang limang natitirang cards ay ibinibigay nang nakalitaw at ito’y community cards na ibinabahagi sa lahat ng manlalaro. Pagkatapos mag-deal ng unang dalawang cards sa bawat manlalaro, may round ng pagpusta, at pagkatapos muli ng pag-deal ng flop, turn at river cards.

Ang unang tatlong community cards ay ang *flop*.
Ang pang-apat na community card ay ang turn.
Ang panlimang community card ay ang *river*.

Sa bawat round, ang mga manlalaro na ayaw magpatuloy sa game ay maaaring mag-*fold*. Sa natitirang mga manlalaro pagkatapos ng panghuling round ng pagpusta, ang manlalaro na may pinakamahusay na five-card poker hand ang panalo.

Omaha

Sa poker na ito, ang bawat player ay binibigyan ng apat na card at dapat gumawa ng pinakamahusay na five-card poker hand. Susubukang makakuha ng bawat manlalaro ng pinakamahusay na five-card poker hand sa pamamagitan ng paggamit ng eksaktong dalawa sa apat na card na nakuha niya at tatlo sa limang community cards.

Tulad ng sa Hold`em, ang blind na pustahan ay inilalagay bago mag-deal ng anumang mga card. Pagkatapos ay tatanggap ang bawat manlalaro ng apat na card na nakataob. Ang limang community cards ay ibinibigay nang nakalitaw.

Seven Card Stud

Ang isa pang uri ng poker ay ang Seven Card Stud. Sa Seven Card Stud, ang bawat manlalaro ay tatanggap ng dalawang card na nakataob at isang card na nakalitaw. Pagkatapos ng unang round ng pustahan, tatlong karagdagang card ang ibinibigay nang nakalitaw at isang card na nakataob na may round ng pustahan pagkatapos ng bawat card.

Upang manalo, ikaw dapat ang manlalaro na may pinakamahusay na five-card poker hand mula sa total ng pitong card na ibinigay.

ROYAL FLUSH

STRAIGHT FLUSH

FOUR-OF-A-KIND

FULL HOUSE

FLUSH

STRAIGHT

THREE-OF-A-KIND

DALAWANG PARES

ISANG PARES O MAS KAUNTI

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paano Maglaro ng table games, magtanong sa isang Dealer Supervisor, bumisita sa isang GameSense Info Centre sa lugar na ito, o magpunta sa www.bclc.com

Texas Hold ‘em, Omaha and Seven Card Stud [Filipino] 07/12